Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
Schools Division Office of Navotas City

**DIAGNOSTIK NA PAGSUSULIT SA**
**FILIPINO 2 (PART 1)**
**Taong Pampaaralan 2020-2021**

Pangalan:____________________ Petsa:__________ Guro:____________________
Paaralan:____________________ Baitang at Pangkat:____________________

**Basahin at Piliin ang letra ng tamang sagot:**

1. Handang-handa na sina Nanay Carmen at Tatay Ramon. Dadalo sila sa pagtitipon nina Lolo at Lola. Anibersaryo ng kasal nila. Dapat ay naroon ang buong pamilya. Tinawag ni Aling Carmen ang mga anak. "Fe, Rey, nasaan na ba kayo? Bihis na kami ng Tatay ninyo." "Nanay, may sinat po si Rey, isasama pa po ba ninyo kami?" tanong ni Fe. Dali- daling pumunta si Aling Carmen sa silid ng anak at hinipo ang ulo ni Rey. Nalaman niyang may sinat ito. Lumabas siya at nang ito'y bumalik, nakabihis na ito ng damit pambahay. May dalang palangganang may tubig, botelya ng gamot, at yelo.
Sino ang mag-asawa sa kuwento?

a. Aling Carmen at Mang Ramon c. Aling Carmen at Mang Mon
b. Aling Caren at Mang Ramon d. Aling Carmie at Mang Ramon

2. Saan pupunta ang mag-anak?
a. sa kaarawan nina Lolo at Lola c. sa binyag ng Lolo at Lola
b. sa anibersaryo ng kasal ng Lolo at Lola d. Sa Kamatayan ng Lolo at LoLa

3. Ano ang nangyari kay Rey?
a. nagsusuka b. sumasakit ang tiyan c. nilalagnat d. masakit ang ngipin

4. Anong uri ng ina si Aling Carmen?
a. maalaga b. masikap c. madasalin d. masinop

5. Matutuwa kaya si Rey sa pag-aalaga sa kaniya ng ina?
a. Oo b. Hindi c. maaari d. Ewan ko

6. Piliin ang tamang bilang ng pantig sa salitang masaya.
a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

7. Alin ang tamang pagpapantig sa salitang pasyalan?
a. pas-yal-an b. pas-yala-n c. Pa-sya-lan d. pas-ya-lan

8. Alin sa mga salita ang karaniwang ngalan o pambalana?
a. mag-aaral b. Armando Reyes c. Ilog Pasig d. Aiken

9. Alin sa mga salita ang may maling baybay?
a. dekorasyon b. dekoration c.dekkorasyon d. dikorasyon

10. Si Aling Rosa ay mamimili sa palengke. Ang salitang may salungguhit ay pangngalang nagbibigay ngalan sa ______.
a. hayop b. bagay c. tao d. lugar